


# Filipino

## Ikatlong Markahan – Modyul 8: Pagsusuri sa Elemento at Sosyo-historikal ng Sanaysay at Dulang Pantelebisyon



**Pambungad sa Pilosopiya ng Tao  
Alternative Delivery Mode  
Ikatlong Markahan – Modyul 8: Pagsusuri sa Elemento at Sosyo-historikal ng  
Sanaysay at Dulang Pantelebisyon  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

|                      |                                      |                        |
|----------------------|--------------------------------------|------------------------|
| <b>Manunulat:</b>    | Ellyn E. Rauro                       |                        |
| <b>Editor:</b>       | Mylene Arzadon/ Lelita A. Laguda     |                        |
| <b>Tagasuri:</b>     | Virgilina T. Cabaylo/Sally A. Palomo |                        |
| <b>Tagaguhit:</b>    | Lhryn T. Jaranilla                   |                        |
| <b>Tagalapat:</b>    | Guinevier T. Allosa                  | Jerson Rod A. Acosta   |
| <b>Tagapamahala:</b> | Allan G. Farnazo                     | Fiel Y. Almendra       |
|                      | Gilbert B. Barrera                   | Arturo D. Tingson, Jr. |
|                      | Peter Van C. Ang-Ug                  | Leonardo B. Mission    |
|                      | Romelito G. Flores                   | Carlos G. Susarno      |
|                      | Juliet F. Lastimosa                  | Sally A. Palomo        |
|                      | Gregorio O. Ruales                   | Lelita A. Laguda       |
|                      | Sally A. Palomo                      | Gregorio M. Ruales     |
|                      | Lelita A. Laguda                     |                        |

**Inilimbag sa Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Lunsod ng Heneral Santos**

Office Address: Tionson St., Lagao, General Santos City  
Telefax: (083) 552-8909  
E-mail Address: [depedgensan@deped.gov.ph](mailto:depedgensan@deped.gov.ph)

# **Filipino**

**Ikatlong Markahan – Modyul 8:  
Pagsusuri sa Elemento at  
Sosyo-Historikal ng Sanaysay at  
Dulang Pantelebisyon**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Isang mapagpalang araw na naman sa iyo, aking mag-aaral!

Natapos mo nang basahin ang sanaysay na pinamagatang “Ningning at Liwanag” ni Emilio Jacinto, tama ba? Nagustuhan mo ba ito? Alam mo na ba kung ano ang tunay na liwanag at kung paano ito gamitin ng tama? Nawa’y ang sagot mo na ngayon ay “OO”.

Sa modyul na ito, saglit na tatalakayin ang kahulugan ng sanaysay, mga elemento/bahagi nito. Kabilang din sa matatalakay ang tinatawag na sosyo-historikal na konteksto ng isang sanaysay. Nasasabik ka na ba sa kaabang-abang na mga gawain hinggil dito? Huwag mag-aalala dahil kasama mo ako sa araling ito.


Pagkatapos ng modyul na ito, inaasahang makapagsusuri ng isang panitikang popular – DULANG PANTELEBISYON na naglalayong mabigyan ng pansin ang elemento at sosyo-historikal na konteksto nito.

Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto:

***Nasusuri ang mga elemento at sosyo-historikal na konteksto ng napanood na dulang pantelebisyon. (F7PD-III-f-g-15)***

Mga Tiyak na Layunin:

- a. Natutukoy ang elemento ng dulang pantelebisyon napanood batay sa pagsusuri ng sanaysay.
- b. Nailalahad ang sosyo-historikal na konteksto ng dulang pantelebisyon napanood.
- c. Napahahalagahan ang pagsusuri ng sanaysay o dulang pantelebisyon.



## **Subukin**

Subukin muna nating sagutan ang paunang pagsusulit upang mabatid natin ang iyong kaalaman sa araling ito. Isulat lamang ang titik ng napiling sagot sa sagutang papel. Basahing maigi at unawain ang katanungan.

1. Ano ang tawag sa isang sulatin na kadalasang naglalaman ng pananaw ng may katha, pagpuna, opinyon, impormasyon, obserbasyon, kuro-kuro, pang-araw-araw na pangyayari, alaala ng nakaraan at pagmumuni-muni ng isang tao?
  - a. maikling kuwento
  - b. sanaysay
  - c. talambuhay
  - d. talumpati

2. Ano ang tawag sa uri ng sanaysay na tumatalakay sa mga seryosong paksa at nangangailangan ng masusing pag-aaral at malalim na pag-unawa?
  - a. Pormal
  - b. Ganap
  - c. di-pormal
  - d. di-ganap
  
3. Ano naman ang tawag sa uri ng sanaysay na tumatalakay sa mga paksang magaan, karaniwan, pang-araw-araw at maaring personal?
  - a. Pormal
  - b. Ganap
  - c. di-pormal
  - d. di-ganap
  
4. Ito ay pinakamahalagang bahagi ng sanaysay sapagkat una itong tinitignan ng mambabasa at dapat may nakapupukaw na atensyon.
  - a. Katawan
  - b. pamagat
  - c. panimula
  - d. wakas
  
5. Ito ay bahagi ng sanaysay kung saan makikita ang pagtalakay sa mahahalagang punto ukol sa tema at nilalaman.
  - a. Katawan
  - b. Pamagat
  - c. panimula
  - d. wakas
  
6. Ito naman ang bahagi ng sanaysay na nagbubuod sa talakayang naganap.
  - a. Katawan
  - b. Pamagat
  - c. panimula
  - d. wakas
  
7. Ito ang elemento ng sanaysay na tumutukoy sa paksang tatalakayin.
  - a. anyo at istruktura
  - b. kaisipan
  - c. tema at nilalaman
  - d. wika at istilo
  
8. Ito ang elemento ng sanaysay na naglalahad ng mga ideyang tinatalakay at karaniwang magkakaugnay.
  - a. anyo at istruktura
  - b. kaisipan
  - c. tema at nilalaman
  - d. wika at istilo
  
9. Ito ang elemento ng sanaysay na naglalahad nang maayos na pagkakasunod-sunod ng ideya o pangyayari.
  - a. anyo at istruktura
  - b. kaisipan
  - c. tema at nilalaman
  - d. wika at istilo
  
10. Ito ang elemento ng sanaysay na naglalahad na dapat gumamit ng simple, natural at matapat na mga pahayag.
  - a. anyo at istruktura
  - b. kaisipan
  - c. tema at nilalaman
  - d. wika at istilo
  
11. Ang sanaysay ay nagmula sa dalawang salita na sanay at \_\_\_\_\_.
  - a. Depensa
  - b. Kuwento
  - c. lalahad
  - d. salaysay

12. Siya ang sumulat ng sanaysay na “Ang Ningning at Ang Liwanag”.
- a. Emilio Aguinaldo
  - b. Graciano Jacinto
  - c. Emilio Jacinto
  - d. Graciano Villar
13. Anong teoryang pampanitikan ang masasalamain sa sanaysay na “Ang Ningning at Liwanag”?
- a. Feminism
  - b. Sikolohikal
  - c. naturalismo
  - d. sosyolohikal
14. “Ang kaliluhan at katampalasan ay humahanap ng ningning upang huwag mapagmalas ng mga matang tumatanghal ang kanilang kapangitan; ngunit ang kagalingan at ang pag-ibig na dalisay ay hubad, mahinhin at maliwanag na napatatanaw sa paningin”, anong bahagi kaya ito ng isang sanaysay?
- a. Katawan
  - b. Karagdagan
  - c. panimula
  - d. wakas
15. Sa iyong palagay, kailan naisulat ang “Ang Ningning at Ang Liwanag?”
- a. Panahon ng Amerikan
  - b. Panahon ng Espanyol
  - c. Panahon ng Hapon
  - d. Panahon ng Intsik

## Aralin

# 1

# Pagsusuri ng Elemento at Sosyo-historikal ng Sanaysay at Dulang Pantelebisyon

### Pinakamahalagang Kasanayan sa Pampagkatuto: *F7PD-III-f-g-15*

Nasusuri ang mga elemento at sosyo-historikal na konteksto ng napanood na dulang pantelebisyon.



## **Balikan**

Nasagot mo na ba ang mga katanungan sa **Subukin?** Mahirap ba? Huwag mag-alala muli nating balikan ang iyong natutuhan sa nakaraan.

Ang iyong nabasang “Ang Ningning at Ang Liwanag” ay isang **sanaysay** na sinulat ni Emilio Jacinto noong panahon ng pakikipaglaban ng mga Pilipino sa Espanyol. Iyo bang mababalik-tanaw kung ano ang kalagayan ng ating bansa sa panahong iyon? Ngayon, ano nga ba ang sanaysay? Ang **sanaysay** ay isang komposisyon na karaniwang pumapaksa ng personal na pananaw o opinyon, kaisipan at nararamdaman ng may-akda. Isinusulat ito nang maikli lamang. Makikita sa salitang “sanaysay” ang mga salitang “sanay” at “salaysay.” Kung pagdurugtungin ang dalawa ay puwedeng sabihin ang “sanaysay” ay “salaysay” o masasabi ng isang “sanay” o eksperto sa isang paksa.

Madaragdagan pa ang iyong kaalaman patungkol sa sanaysay at kung paano ang gagawing pagsusuri sa araling ito.



### **Mga Tala para sa Mag-aaral**

Sa araling ito ay mararanasan mong magsuri ng isang sanaysay ayon sa elemento at sosyo-historikal nito. Ating himayin kung paano ito isinasagawa.





## Tuklasin

Sa bahaging ito, atin munang himayin ang iyong nalalaman patungkol sa mga hakbangin kung paano gagawin ang pagsusuri. Ilista ang sa tingin mong dapat na mga gawin sa pagsusuri ng isang sanaysay. Isulat sa loob ng **puso** ang iyong sagot.

1.

2.

3.



## Suriin

Nasagutan mo ba nang maayos ang gawain sa **Tuklasin**? Narito at pag-aralang mabuti ang patungkol sa sanaysay at mga bahagi nito.

### SANAYSAY

Ang **sanaysay** ay isang uri ng panitikang nasusulat sa anyong tuluyan na karaniwang pumapaksa sa mga kaisipan at bagay-bagay na sadyang kapupulutan ng aral at aliw ng mga mambabasa. Sa uring ito, maibibilang ang mga sulating pampahayagang gaya ng artikulo, natatanging pitak o lathalain, at tudling; mga akdang pandalub-aral gaya ng teksto, disertasyon, at diskuro; gayundin ang mga panunuring pampanitikan at mga akdang pampananaliksik. Halimbawa rito ay ang *It's A Mens World ni* Bebang Siy, *Anim na Sabado ng Beyblade ni* Ferdinand Jarin, at *Personal ni* Rene Villanueva at iba pa.

May dalawang anyo ang sanaysay. Ito ang **pormal** o maanyo at **pamilyar** o personal.

Ang **pormal** o **maanyong sanaysay** ay nagtataglay ng makatotohanang impormasyon, piling mga salita, at pahayag na maingat na tinatalakay kaya't masasabing mabisa. Ito ay may maayos na balangkas na nakatutulong sa lohikal na paglalahad ng kaisipan. Ang ganitong uri ng sanaysay ay karaniwang umaakay sa

mga mambabasang mag-isip nang malalim at paglakbayin ang guniguni. Halimbawa rito ay ang “Tamang Pangangalaga ng Kabayo” ni Bernadette Biko.

Ang **pamilyar** o di pormal o tinatawag ding palagayang sanaysay ay mapang-aluw, mapagbiro, at nagbibigay-lugod sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga karaniwan, pang-araw-araw, at personal na paksa. Binibigyang-diin nito ang karanasan at mga isyung bukod sa kababakasan ng personalidad ng may-akda ay maaaring naranasan din ng mga mambabasa. Ang pananalita ay parang usapan lamang ng magkakaibigan kaya magaan, madaling maintindihan, at palagay na palagay ang loob ng may-akda. Malimit itong nasa unang panauhan. Halimbawa rito ay ang “Nais mo bang Lumigaya?” ni Regina Tabian. Ang dalawang uring ito ng sanaysay ay parehong nagbibigay-kabatiran. Ang tanging pagkakaiba ay nasa layunin ng bawat uri. Ang pormal na sanaysay ay nagnanasang magpaliwanag, manghikayat, at magturo tungo sa pangkaunlarang-isip at moral ng mga mambabasa. Samantalang ang pamilyar na sanaysay ay may mithiing mangganyak, magpatawa, o kaya ay manudyo o magsilbing salamin sa lahat ng mga saloobin, kondisyong pansikolohikal, at sosyolohikal ng mga mambabasa.

Ang akdang “Ang Ningning at Ang Liwanag” ay isang sanaysay na **sosyo-historikal**. Naglalayon itong ilarawan ang naging kasaysayan ng lahing Pilipino sa kamay ng mga mananakop na Espanyol na nagbubunsod sa mithiing maikintal sa mambabasa ang madamdaming nasyonalismo. Narito ang ilang sipi mula sa nasabing akda.

*“Ay! Sa ating naging ugali ay lubhang nangapit ang pagsamba sa ningning at pagtakwil sa liwanag. Ito nga ang dahilan kung kaya ang mga loob na inaakay ng kapalaluan at ng kasakiman ay nagpupumilit na lumitaw na ningning, lalong-lalong na nga ang mga pinuno na pinagkatiwalaan ng ikagiginhawa ng kanilang mga sakop at walang ibang nasa kundi ang mamalagi sa kapangyarihan sukdang ikainis at ikamatay ng bayan na nagbibigay sa kanila ng kapangyarihan.”*

Dahilan ang pangunahing katangian ng sanaysay ay ang pagkasarili nito ng may-akda, naipapahayag ng sumulat ang kanyang sariling pananaw, kuro-kuro, at damdamin sa kanyang sariling estilo o pamamaraan. Karaniwang hinahati ang kabuoan ng sanaysay sa tatlong **bahagi** o tatlong **elemento** nito – **panimula, katawan, at wakas**.

**Panimula** – sa pagsulat ng bahaging ito, kinakailangang-nakatatawag ng pansin o nakapupukaw ng damdamin ng mambabasa.

**Katawan** – samantala, sa bahaging ito ay ang pagkanilalaman ng akda na kinakailangang maging mayaman sa kaisipan at marapat na nagtataglay ng kaisahan sa detalye nito.

**Wakas** – sa bahaging ito naman ng sanaysay, karaniwang nababasa ang pangkalahatang impresyon ng may-akda. Maaaring ilahad sa bahaging ito ang buod o kongklusyon ng sumulat.

Malinaw na ba? Upang lubos pang maunawaan ang mga bahagi o elemento ng sanaysay, dagdagan pa natin ang iyong kaalaman.

**Tema** – madalas na may iisang tema ang sanaysay. Ang tema ang sinasabi ng isang akda tungkol sa isang paksa. Bawat bahagi ng akda ay nagpapalinaw ng temang ito.

**Anyo at Istruktura** – ang anyo at estruktura ng sanaysay ay mahalaga sapagkat nakaaapekto ito sa pagkaunawa ng mga mambabasa. Ang maayos na pagkakasunod-sunod ng ideya o pangyayari ay makatutulong sa mambabasa sa pag-unawa ng isang sanaysay.


**Kaisipan** – ito ang mga ideyang nababanggit na may kaugnayan o nagpapalinaw sa tema.

**Wika at Estilo** – ang uri at antas ng wika maging estilo ng pagkakagamit ay nakaaapekto rin sa pag-unawa ng mambabasa, higit na mabuting gumamit ng simple, natural, at matapat na mga pahayag.

**Larawan ng Buhay** – nailalarawan ang buhay sa isang makatotohanang salaysay, masining na paglalahad na gumagamit ng sariling himig ang may-akda.

**Damdamin** – naipapahayag ng isang magaling na may-akda ang kanyang damdamin nang may kaangkupan at kawastuhan sa paraang may kalawakan at kaganapan.

**Himig** - nagpapahiwatig ng kulay o kalikasan ng damdamin. Maaaring masaya, malungkot, mapanudyo at iba pa.



## Pagyamanin

May natutuhan ka ba sa iyong mga nabasa? Sige, ating sagutang ang mga gawain.

### Gawain 1:

Sagutin ang sumusunod na tanong tungkol sa binasa. Isulat sa *speech ballon* ang iyong kasagutan.

1. Ano ang dalawang anyo ng sanaysay? Paano nagkakaiba at nagkakatulad ang mga ito?

2. Muling balikan ang akdang “Ang Ningning at Ang Lliwanag.” Batay sa iyong pagkaunawa, ano ang pangunahing layunin ni Emilo Jacinto sa pagsulat nito?

3. Ano ang pangunahing tema o kaisipang nakapaloob sa sanaysay na binasa? Paano nakaaapekto ang kaisipang ito sa iyong pagkatao?

4. Sumasang-ayon ka ba na ang sanaysay na ito ay nabibilang sa uring soyo-historikal? Bakit?

5. Taglay ba ng binasang akda ang mahahalagang elemento o bahagi ng sanaysay? Patunayan ang iyong sagot sa pamamagitan ng mga ebidensyang hinango sa akdang binasa.

6. Para sa iyo, anong uri ng manunulat ang may-akda ng sanaysay na iyong binasa – siya ba ay mapagbiro, seryoso, o mapang-uyam? Magbigay ng patunay para sa iyong napiling sagot.

7. Anong gintong-aral ang iyong nakuha sa binasang sanaysay? Paano mo ito magagamit sa iyong pang-araw-araw na buhay?

## Gawain 2

Suriin ang sanaysay na “Ang Ningning at Ang Liwanag” ayon sa konteksto ng pagkakasulat at mga elemento nito. Gawing batayan ang mga impormasyong nakalahad sa aralin.

### Ang Ningning at Liwanag ni Emilio Jacinto

Ang ningning ay nakasisilaw at nakasisira sa paningin. Ang liwanag ay kinakailangan ng mata, upang mapagwari ang buong katunayan ng mga bagay-bagay.

Ang bubog kung tinatamaan ng nag-aapoy ng sikat ng araw ay nagniningning; ngunit sumusugat sa kamay ng nagaganyak na dumampot.

Ang ningning ay maraya.

Ating hanapin ang liwanag; tayo’y huwag mabighani sa ningning.

Sa katunayan ng masamang kaugalian: Nagdaraan ang isang karuaheng maningning na hinihila ng kabayong matulin. Tayo’y magpupugay at ang isasalob ay mahal na tao ang nakalulan. Datapua’y marahil naman ay isang magnanakaw, marahil sa isang malalim ng kaniyang ipinatatanghal na kamahalan at mga hiyas na tinataglay ay natatago ang isang sukaban.

Nagdaraan ang isang maralita na nagkakanghihirap sa pinapasan. Tayo’y napapangiti, at isasalob.

Saan kaya ninakaw? Datapua’y maliwanag nating nakikita sa pawis ng kaniyang noo at sa hapo ng kaniyang kawatawan na siya’y nabubuhay sa sipag kapagalang tunay.

Ay! Sa ating naging ugali ay lubhang nangapit ang pagsamba sa ningning at pagtakwil sa liwanag. Ito nga ang dahilan kung kaya ang mga loob na inaakay ng kapalaluan at ng kasakiman ay nagpupumilit na lumitaw na ningning, lalong-lalong na nga ang mga pinuno na pinagkatiwalaan ng ikagiginhawa ng kanilang mga sakop at walang ibang nasa kundi ang mamalagi sa kapangyarihan sukdang ikainis at ikamatay ng bayan na nagbibigay sa kanila ng kapangyarihan.

Tayo’y mapagsampalataya sa ningning, huwag nating pagtakhan ang ibig mabuhay sa dugo n gating mga ugat at magbalat-kayong maningning.

Ay! Kung ang ating dinudulugan at hinahainan na puspos na galang ay ang maliwanag, ang magandang asal at matapat na loob, walang magpapaningning pagka’t di natin pahahalagahan. At ang mga isip at akalang ano pa man ay hindi hihiwalay sa maliwanang na banal na landas ng katuwiran.

Ang kaliluhan at ang katampalasan ay humahanap ng ningning upang hindi mapagmalas ng mga matang tumatanghal ang kanilang kapangitan; ngunit ang kagallangan at ang pag-ibig na dalisay ay hubad sa ningning, mahinhin, at maliwanag na mapapatanaw sa paningin.

Ang mahabang panahong lumipas ay isang labis na nagpapatunay ng katotohanan nito. Mapalad ang araw ng liwanag!



Ay! Ang Anak ng Bayan, ang kapatid ko, matututo kaya na kumuha ng halimbawa at lakas sa pinagdaanang mga hirap at binatang mga kaapihan?

| <b><i>Mga Katangian, Elemento/Bahagi, at Sosyo-Historikal na Konteksto ng Sanaysay</i></b>        | <b><i>Mga Paliwanag</i></b> |
|---|-----------------------------|
| Alin sa dalawang anyo ng sanaysay nabibilang ang akdang binasa?<br><b>(Pormal o Di-Pormal)</b>    |                             |
| <b><i>Bahagi/Elemento</i></b>   |                             |
| Paano sinimulan ang akda?<br>Nakatatawag-pansin ba ito?<br>Patunayan.                             |                             |
| Ano ang katawan o nilalaman ng akda?<br>Nagtataglay ba ito ng mayamang kaisipan? Patunayan.       |                             |
| Paano winakasan ng may-akda ang sanaysay? Nakapag-iwan ba ito ng matibay na impresyon? Patunayan. |                             |
| <b><i>Sosyo-Historikal na Konteksto</i></b>   |                             |
| Ano-ano ang sosyo-historikal (panlipunan at historikal na kaugnayan) na konteksto ng akda?        |                             |



## **Isaisip**

Bakit mahalagang pag-aralan ang sanaysay? Bakit din mahalagang masuri natin ito?



## **Isagawa**

Matapos mong suriin ang sanaysay na binasa batay sa elemento/bahagi at sosyo-historikal na konteksto nito ay pumili ka ng dulang pantelebisyonng kasalukuyang napanood mo tulad ng “Ang Sa Iyo ay Akin.” Suriin ito ayon sa elemento o bahagi at sa sosyo-historikal na konteksto.

### **Ang Sa Iyo ay Akin**

#### ***Pamagat ng Dulang Pantelebisyon***

|   |  |
|---|--|
| Paano sinimulan ang akda?<br>Nakatatawag-pansin ba ito?<br>Patunayan                              |  |
| Ano ang katawan o nilalaman ng akda?<br>Nagtataglay ba ito ng mayamang kaisipan? Patunayan.       |  |
| Paano winakasan ng may-akda ang sanaysay? Nakapag-iwan ba ito ng matibay na impresyon? Patunayan. |  |
| <b><i>Sosyo-Historikal na Konteksto</i></b>   |  |
| Ano-ano ang sosyo-historikal (panlipunan at historikal na kaugnayan) na konteksto ng akda?        |  |




## Tayahin

Isang malugod na pagbati at ikaw ay nakarating na sa bahaging ito ng ating modyul. Atin muling tayahin kung talagang naikintal mo sa iyong isipan ang ating mga napag-aralan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang sumulat ng sanaysay na “Ang Ningning at Ang Liwanag”.
  - a. Emilio Aguinaldo
  - b. Graciano Jacinto
  - c. Emilio Jacinto
  - d. Graciano Villar
2. “Ang kaliluhan at katampalasan ay humahanap ng ningning upang huwag mapagmalas ng mga matang tumatanghal ang kanilang kapangitan; ngunit ang kagalingan at ang pag-ibig na dalisay ay hubad, mahinhin at maliwanag na napatatanaw sa paningin.”, anong bahagi ito ng sanaysay?
  - a. Karagdagan
  - b. katawan
  - c. katawan panimula
  - d. wakas
3. Ito ay isang teoryang pampanitikan na naglalayong ilarawan ang naging kasaysayan, kultura, at institusyon sa kanyang kapaligiran kung saan itinuturing sila bilang boses ng kanyang panahon.
  - a. Biyograpikal
  - b. Moralismo
  - c. sosyolohikal
  - d. sikolohikal
4. Sa iyong palagay, kailan naisulat ang “Ang Ningning at Ang Liwanag?”
  - a. Panahon ng Amerikano
  - b. Panahon ng Espanyol
  - c. Panahon ng Hapon
  - d. Panahon ng Intsik
5. Ang sanaysay ay nagmula sa dalawang salita na sanay at \_\_\_\_\_.
  - a. Depensa
  - b. Kwento
  - c. lahad
  - d. salaysay
6. Ano ang tawag sa isang sulatin na kadalasang naglalaman ng pananaw ng may katha, pagpuna, opinyon, impormasyon, obserbasyon, kuro-kuro, pang-araw-araw na pangyayari, alaala ng nakaraan at pagmumuni-muni ng isang tao?
  - a. maikling kuwento
  - b. sanaysay
  - c. talambuhay
  - d. talumpati
7. Ano ang tawag sa uri ng sanaysay na tumatalakay sa mga seryosong paksa at nangangailangan ng masusing pag-aaral at malalim na pagkaunawa sa paksa?
  - a. Pormal
  - b. Ganap
  - c. di-pormal
  - d. di-ganap

8. Ano naman ang tawag sa uri ng sanaysay na tumatalakay sa mga paksang magaan, karaniwan, pang-araw-araw at personal?
- |           |              |
|-----------|--------------|
| a. Pormal | c. di-pormal |
| b. Ganap  | d. di-ganap  |
9. Ito ay pinakamahalagang bahagi ng sanaysay sapagkat ito ang unang titingnan ng mga mambabasa at dapat nakapupukaw ng damdamin.
- |            |             |
|------------|-------------|
| a. Katawan | c. panimula |
| b. pamagat | d. wakas    |
10. Ito ay bahagi ng sanaysay na makikita ang pagtalakay sa mahahalagang puntos ukol sa tema at nilalaman ng sanaysay.
- |            |             |
|------------|-------------|
| a. Katawan | c. panimula |
| b. Pamagat | d. wakas    |
11. Ito naman ay bahagi ng sanaysay na nagsasara sa talakayang naganap sa katawan ng sanaysay.
- |            |             |
|------------|-------------|
| a. Katawan | c. panimula |
| b. Pamagat | d. wakas    |
12. Ito ang elemento ng sanaysay na ang nilalaman ay itinuturing na paksa dahil sa layunin ng pagkakasulat nito at kaisipang ibinahagi.
- |                       |                      |
|-----------------------|----------------------|
| a. anyo at istruktura | c. tema at nilalaman |
| b. kaisipan           | d. wika at istilo    |
13. Ang elemento ng sanaysay na naglalahad ng mga ideyang nabanggit na kaugnay o panlinaw sa tema.
- |                       |                      |
|-----------------------|----------------------|
| a. anyo at istruktura | c. tema at nilalaman |
| b. kaisipan           | d. wika at istilo    |
14. Ang elemento ng sanaysay na naglalahad nang maayos na pagkakasunod-sunod ng ideya o pangyayari.
- |                       |                      |
|-----------------------|----------------------|
| a. anyo at istruktura | c. tema at nilalaman |
| b. kaisipan           | d. wika at istilo    |
15. Ang elemento ng sanaysay na naglalahad na dapat ay mabuting gumamit ng simple, natural at matapat na mga pahayag.
- |                       |                      |
|-----------------------|----------------------|
| a. anyo at istruktura | c. tema at nilalaman |
| b. kaisipan           | d. wika at istilo    |





## ***Karagdagang Gawain***

Sa wakas ay natapos mo na rin ang ating aralin. Nawa'y naintindihan mo kung paano ang pagsusuri ng isang sanaysay at dulang pantelebisyon batay sa mga elemento nito.

Bilang karagdagang gawain, magsusulat ka ng isang talatang naghihinuha kaugnay ng binasang sanaysay (Ang Ningning at Ang Liwanag). Ipahayag mo ang mga bagay na posibleng mangyari kung magagamit nang tama ng isang tao ang mga bagay na nagbibigay-liwanag sa kanyang buhay. Gawing gabay ang larawan sa ibaba.



Narito ang pamantayan ng isusulat mong talata.


Paksa/Nilalaman – 10 puntos

Bahagi – 10 puntos

Kalinisan – 5 puntos

Kabuuan: 25 puntos

Sa muli, binabati kita aking mag-aaral!



## ***Susi sa Pagwawasto***

**Subukin**

1. b  
2. a  
3. c  
4. c  
5. a  
6. d  
7. c  
8. b  
9. a  
10. d  
11. d  
12. c  
13. d  
14. d  
15. b

**Tayahin**

1. c  
2. d  
3. c  
4. b  
5. d  
6. b  
7. a  
8. c  
9. b  
10. a  
11. d  
12. c  
13. b  
14. a  
15. d

# **Sanggunian**

## **Aklat**

*Julian, Aileen B. et. al, 2014. Pinagyamang Pluma 7. Phoenix Publishing Houses. 927 Quezon Avenue, Quezon City, pp. 344-347*

*Peralta, Romulo N. et al. 2014. Panitikang Asyano 9 Modyul ng Mag-aaral sa Filipino. Vibal Group, Inc. Pasig City. pp.30-32*

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)